# 1

"Last time?" Doyle Amante confusedly repeated, looking at the young woman sitting in front of him as if she suddenly sprouted dark wings, horns and a tail.

But Lacey Nevado-Monteverdi did not look like the horned devil at all, more like a blue-eyed celestial maiden with her long light brown hair framing a lovely face that was too angelic to be true. Isa siyang kilalang modelo not only here in the Philippines but in Europe, as well. She was often described by the press people as the blue-eyed angel with the body of a siren.

And now, only one expression dominated those sky-blue eyes: extreme boredom.

"Are you a parrot? You keep repeating everything I say," mataray na sabi niya.

"B-but I thought we were having fun! Why should tonight be our last time together?" Doyle protested loudly, earning a few curious glances from the other occupants of their neighboring tables.

Nagkibit lang ng balikat si Lacey, her naked

shoulders smooth and creamy as milk above the blue slip dress she was wearing.

"Dating you was like going out with a history book. You're so dull, so predictable. You totally proved me wrong in my theory that rock singers are the coolest guys on earth! You're a lousy kisser, too!"

Habang nagsasalita si Lacey ay unti-unting namumula ang mukha ni Doyle, kasabay ng pagkuyom ng kamao. He was furious.

"You can't do this to me!"

"Just be grateful na, at least, umabot ka ng pangatlong date." She smiled sweetly, picked up her wineglass and sipped daintily as if her date was not on the brink of becoming violent in his anger.

Marahas na hinablot ni Doyle ang braso ng dalaga, dahilan para matilamsikan ng lamang alak ng hawak nitong baso ang eleganteng suot.

"Baka hindi mo ako kilala, Lacey! Wala pang babaeng nang-iinsulto at nagbabasura sa akin!" He gritted only to be taken aback nang isaboy ni Lacey sa mukha nito ang buong bote ng champagne na inabot niya ng isang kamay na hindi hawak nito.

"Damn you, b*tch!" pasalyang bitaw nito sa

kanya upang kusutin ang nanghapding mga mata.

"I'm not just any b*tch, darling. I'm a Nevado-Monteverdi b*tch! It'd serve you well if you remember that before you threaten me again!" Lacey stated in Arctic tones, her cold blue eyes staring with lethal intent into Doyle's angry but now a bit uncertain ones.

Padabog na tumayo si Doyle.

"Your face doesn't suit you, you're a devil not an angel. One day you'll find yourself at the receiving end of all your viciousness."

Arko ang kilay na tiningala niya ito.

"Kanina you're a parrot, ngayon nama'y prophet?" nanunuyang tawa niya.

"Makakahanap ka rin ng katapat mo, b*tch!" animo ay nagbabantang asik nito bago tuluyang umalis.

Nakangiting sinundan lang niya ito ng tingin hanggang makalabas ng restaurant bago lumingon sa mesang inuupuan ng dalawang kaibigan saka ikiniling ang ulo bilang senyas ng Mission Accomplished. Malalapad din ang ngiting pinagtama nina Rachel at Shannon ang mga kamay, nagsitayo

at lumapit sa mesa niya.

"You are so mean, honey." Rachel's pleased tone and wide smile belied her words nang makalapit sa kanya just a split second pagkaalis ng manager at ng waiter. She took Doyle's vacated seat while Shannon took the one beside hers.

The three of them had been friends since high school days. They met on board a cruise ship and discovered that aside from having distant relatives in the Philippines and knowing the Filipino language well, they had a lot of other things in common. And the foremost of them is that they were all willful brats who own the world in the palm of their hands. Thanks of course to the beauty, brains and very old money they were born with.

They were inseparable. Kaya naman normal na sa kanila ang iganti ang kaapihan ng bawat isa. Na siya mismong nangyari kay Doyle na matagal nang gusto ni Rachel pero dinedma lang nito ang dalaga at ipinahiya pa. Enter Lacey na admittedly ay siyang pinakamaganda sa tatlo at alam nilang gusto ng binata. She dated him just for the sheer pleasure of dumping him in public.

"Did you see his face? It was priceless!" halakhak ni Lacey.

"You're precious, Lace. Let's—oh no! Look at your dress!" horrified na bulalas ni Shannon seeing the small patch of dark liquid on Lacey's dress.

"What? Damn, I'm going to kill that man!" asik niya saka gigil na niyuko ang damit.

"I don't think it's ruined, honey. Tara sa ladies' room, let's see what we can do. If it's really irreparable, papalitan ko na lang since it's for my sake kaya nagkaganyan iyan," aya ni Rachel.

"I'm going to ask Papa to hire the Abu Sayyaf para pugutan siya ng ulo!" Lacey declared vehemently as she marched towards the ladies' room, completely unaware of the pair of dark brown eyes following her with equal parts of contempt and admiration.

---

"That ought to do, honey," sipat ni Shannon sa ginawang remedyo sa mantsa sa damit ni Lacey.

Hindi man tuluyang naalis iyon, hindi na iyon gaanong halata which would have to do until makapunta sila sa nearest shopping mall at makabili ng pampalit ng dalaga.

"So, kumusta na ang plano mo sa mag-inang sampid sa inyo, Lace? One month na lang at wedding

day na ng papa mo't ng *poor*-ita mong future stepmom," untag ni Rachel habang nagre-retouch ng makeup sa harap ng salamin.

Two years na kasing biyudo ang ama ni Lacey na si *Signore* Ferrando Monteverdi at sa eksaktong second year death anniversary ng ina niyang si *Signora* Luisa Monteverdi, muling nakatagpo nito ang dating nobyang si Maita Amaro na isa na ring biyuda. At sa pagkikita ng dalawa ay nabunyag ang 26-year old secret na nananatiling matibay na nag-uugnay sa kanila. Namely, Yasmin Arcadia, ang anak ng mga ito na inangkin at binigyan ng legal na pangalan ni William Arcadia nang pakasalan ito ni Maita noong ipinagbubuntis pa lang si Yasmin.

But if *Signore* Ferrando was overjoyed sa natuklasan, Lacey was definitely not. In fact, isinusumpa niya ang araw na nalaman niyang may kapatid siya at hindi pala *unica hija* ng amang mula't sapul ay sa kanya na umikot ang mundo. And as if that was not bad enough, ngayon ay balak pa nitong pakasalan si Maita at tuluyang nang papalitan ang apelyido ni Yasmin upang maging legal na Monteverdi.

"Time's running out, Lacey. Dapat hindi ka na pumalpak pa ulit sa plano mo kung ayaw mong

tuluyang maagaw ng probinsyanang 'yon ang trono mo," Shannon warned na ang tinutukoy ay ang mga failed attempts niya na tanggalin sa buhay ng kanyang ama si Maita at ang bastarda nito sa nakaraang kalahating taon.

"I know. Ngayon, sigurado na ang success ng gagawin ko." She smiled wickedly habang naglalagay ng lipstick but just as she was about to share her plan to her friends, bumukas ang isang cubicle, revealing one of the two people she immensely disliked— ang half-sister niyang si Yasmin.

"Well, well, well. Look who's here. The ambitious, gold-digging impostor herself." Mala-asido ang tono at ngiti na nilingon niya si Yasmin. "Naliligaw ka yata. Hindi karinderya ito. Baka mapaghugas ka ng plato since I doubt you can afford their price."

Sinuri niya ang kasuotan ni Yasmin at sa isang tingin lang ay nakuwenta na niya ang halaga niyon. Bagaman designer's clothes din ay wala naman sa sophisticated and very chic taste niya ang mga iyon. In other words, baduy pa rin kahit nabago na ang noon ay pang-tiangge lang nitong mga isinusuot.

Nailing na bumuntong-hininga lang si Yasmin bago tumalikod at humakbang paalis. But before she could take another step, mahigpit na itong pinigilan

sa braso ni Lacey whose eyes were livid with rage.

"Don't you dare turn your back on me hangga't hindi pa ako tapos kausapin ka!" she hissed through gritted teeth.

Kumunot ang noo nito na parang nagtataka.

"Ay! Kinakausap mo ba ako?" kunwa ay nagulat na anito.

"Lubus-lubusin mo na'ng pag-enjoy sa pera ng pamilya ko ngayon. Because I assure you that you're going straight back to the gutter where you belong! Palalayasin ko kayo ng ina mo sa pamamahay ko, maghintay ka lang!"

"Sa pagkakaalam ko'y bahay 'yon ni Papa, hindi iyo. At kahit ano'ng gawin mo, doon kami nararapat tumira dahil isang buwan na lang magpapakasal na ang mga *magulang* ko!" ani Yasmin na sadyang idiniin pa ang pag-angkin sa mga magulang na para bang ipinamumukha pa sa kanya na sa kanilang dalawa ay siya ang sampid at saling-pusa lang sa pamilya Monteverdi.

"Really? How can you be sure of that? Anything can happen in a month. If you think I'll just sit back and watch while you and your mother take everything away from me, puwes, nahihibang ka!

I'd kill you both first!" nanggigigil na banta niya, ignoring the sharp pain inside her chest caused by this woman's possessive words patungkol sa pamilya nitong kung hindi niya mapipigilan ay tuluyang mabubuo, leaving her an unwanted intruder sa kanilang kumpleto at masayang pamilya.

Nanlaki sa pagkabigla ang mga mata nito at tila biglang kinabahang napasulyap kina Shannon at Rachel na kahit saglit ding nagulat sa outburst niya ay humalukipkip at ngumiti lang.

"Bakit ba galit na galit ka sa akin, Lacey? Wala naman akong kasalanan sa iyo," tulirong usisa nito.

Amused sa nakikitang pagkabalisa nitong ikiniling niya ang ulo and allowed a cold, sinister smile to touch her cherry red lips.

"You exist, b*tch! I don't need any reason other than that."

# 2

Pababa ng hagdan si Lacey nang makita niya ang pagpapaalis ng ama sa mga katulong ng life-sized portrait ng kanyang ina mula sa wall sa bukana ng receiving room. Animo tinulos ng sibat na kaagad siyang napalapit dito. Nailing na napabuntong-hininga naman si *Signore* Ferrando, waring inihahanda ang sarili sa isa na namang madugong pakikipagtalo sa kanya, na lagi nang nangyayari simula nang ipasya niyang hindi tanggapin ang pag-aasawa nitong muli.

"How could you, Papa! How dare you take down Mama's portrait!" nakapameywang na asik niya.

"*Cara*, please understand. I'm marrying Maita and as my future wife, hindi tamang araw-araw pa rin niyang makikita ang mga alaala ng mama mo. Magiging insulto sa kanya iyon. Pero hindi naman ibig sabihin ng pagpapaalis ko niyan na kinakalimutan ko na ang mama mo," *Signore* Ferrando explained calmly in Italian.

Italian was his native tongue and Lacey's first learned language since she was born in Sicily, Italy. Even her mother *Signora* Luisa who was a Spanish,

opted to speak Italian and only taught her to speak Spanish and English when they decided to move here in the Philippines. While she learned Filipino from their hired helps dahil kahit ang mga kamag-anak ng ama niyang Filipino sa side ng ina ay madalas English din ang gamit.

Kaya naman malapit sa puso niya ang lengguwaheng Italian at iyon ang gamit nilang tatlo noon kapag sila-sila lang ang magkakausap.

"Really? Kaya pala ang dali-dali ninyo siyang napalitan! It was bad enough that you had a bastard that Mama never knew about, ngayon nama'y pakakasalan ninyo pa ang mismong kaladkaring ina ng bastarda ninyo!" Lacey ranted in a mixture of angry Italian and Spanish. Forgetting her earlier resolution not to speak her father's native tongue as a sign of rejection and rebellion.

"That's enough, Lacey! Alam mong hindi ako nagtaksil sa mama mo. Nangyari ang lahat sa amin ni Maita bago ko pa nakilala ang mama mo. At alam niyang minahal ko siya nang labis, pero wala na siya. Ngayon lang ako makakabawi sa naging pagkukulang ko kay Yasmin noon."

"Yes, I know. Kaya nga wala na kayong ibang nakita kundi siya. Puro kayo si Yasmin ganito, si

Yasmin ganyan! Kinalimutan ninyo na nga si Mama, pati ako kinalimutan ninyo na rin! Pero hindi ako makakapayag na basta na lang mabalewala sa sarili kong pamamahay, Papa!"

"Hindi kita maintindihan, Lacey…"

"Your bastard and your trollop don't belong here! They should just go back to that filthy shanty they used to live in, mas bagay sila doon!"

Dahil sa init ng argumento nilang mag-ama, hindi nila napansin ang tahimik na pagdating ni Maita, maging ang nag-aalalang tingin nito sa kanila.

"Ferrando…" tawag nito sa papa niyang namumula na sa galit ang mukha.

"Maita!" gulat na sabi nito sabay lingon sa babae. May relief na bumakas sa mukha ng matandang lalaki nang ma-realize nito na hindi ito nakakaintindi ng Italian kaya wala itong idea sa pinag-aawayan nilang mag-ama.

"Hindi ninyo tatanggalin ang portrait ni Mama, Papa. I forbid it! If you insist in taking it down, then lalayas ako sa pamamahay na ito!" banta niya sa ama, na sa Taglish na nagsalita para maintindihan ni Maita na pinupukol niya ng nagliliyab sa poot niyang tingin.

"Hindi na kailangan pang alisin ang painting ni Luisa, Ferrando. Naiintindihan ko ang nararamdaman ni Lacey," agap ni Maita sa tangkang pagsalungat pa ng ama sa kanya.

Isa pa iyon sa mga ikinaiinis ni Lacey sa babaeng ito. Parang walang pride, walang hangganan ang pasensya. Kahit ano tuloy ang gawin niya para mapuno ito sa kanya at ilabas na ang tunay na kulay, balewala. Unlike Yasmin na marunong umalma, ito ay tahimik at panay lang ang tango ng pagpayag sa mga ginagawa niya.

Pero nakatitiyak siyang style lang nito ang pagbabait-baitan kuno. Para nga naman siya pa rin ang lumabas na masama at mapang-api samantalang ito ang martir na madrasta.

"Kung wala ka nang sasabihin pa, mabuting bumalik ka na lang sa kuwarto mo, Lacey!" Signore Ferrando snapped but was blatantly disobeyed by Lacey na imbis umakyat pabalik sa kanyang silid ay tumalikod at nagtungo sa front door, deliberately jostling Maita hard on the shoulder pagdaan niya.

---

Lacey was still muttering angrily habang papunta sa kinapaparadahan ng kotse niya, not noticing the

tall bearded man na kasalubong niya hanggang sa bumunggo siya sa mala-bakal sa tigas nitong dibdib.

"Ouch! Can't you see where you're going?" galit na singhal niya nang tingalain ito na hindi madalas na nangyayari kapag narito siya sa Pilipinas dahil sa height niyang five-ten, mas matangkad siya sa average height of most Filipino men.

Pero ang lalaking balbasaradong ito ay abot yata ng six-three sa tangkad. Hindi naman ito mestizo, in fact his complexion was very Filipino but he had unusual eyes for a Filipino—deep-set and dark brown na may makakapal na kilay at mahahabang pilik na parang sa babae.

"Ikaw ang hindi tumitingin sa dinaraanan mo. Kung maglakad ka parang pati pader inaasahan mong aalis sa daan mo," anito in a matter-of-fact tone.

"Who the hell are you, anyway? I haven't seen you here before." Gigil na namaywang siya, habang pinagmamasdan ang lalaki mula ulo hanggang sa mga kamay nitong puno ng grasa.

She suddenly remembered na kumuha nga pala ng dagdag na driver ang kanyang ama para kay Yasmin. Malamang ay ito iyon. Lalo lamang iyong

nagpatunay sa kanyang may favoritism talaga ang papa niya sa kanilang dalawa ni Yasmin. Guwapo at makisig ang driver na kinuha nito para kay Yasmin pero sa kanya ay si Mang Kiko na almost fifty years old na, ay kasinungalingan pa kung sasabihing may hitsura naman.

"Ah, so you're the new driver," nakangising sabi niya habang may namumuong plano sa isipan. "Well, I've got news for you. You're fired! I don't like bastos and stupid people! Well? What are you waiting for? Go and get your things! Shoo!" animo nagtataboy ng asong asik niya sabay halukipkip, amused sa di-makapaniwalang expression sa mukha nito.

"Sisisantihin mo ako dahil lang nabunggo kita? Wow! Tunay ka ngang prinsesang bawal masaling, kamahalan!" Sarkastikong nakaarko pa ang kilay nito.

Hihirit pa sana si Lacey nang natanawan niya na papasok sa garahe nila ang kotse ni Webster Fowler, isa sa mga business associates ng papa niya na matindi ang pagkagusto sa kanya. Hobby na yata nito ang maligo sa mga pang-iinsulto niya at panlalait dahil kahit ano ang gawin niya ay ayaw pa rin siyang tantanan. Alam din niyang boto ang ama niya na maging boyfriend niya ito kaya ang

ginagawa na lang niya ay iwasan ito nang iwasan.

Mabibilis ang mga hakbang na lumapit siya sa brand new silver *BMW* niya.

“What are you standing there for? Open the damn door for me para makaalis na tayo!” lingon niya sa matangkad na lalaking nanatiling nakatayo lang at nakamasid sa kanya.

“Tayo? Bakit kasama pa ako? Akala ko ba sisante na ako?” sabi nito na may nakakalokong ngisi na nakapaskil sa mukha.

“I changed my mind. At kung ayaw mong magbago muli ang isip ko, ipagmamaneho mo ako ora mismo!”

Nagkibit-balikat ito at lumulan sa driver’s seat, not bothering to open the door for her. Nanggalaiti siya but decided to get in bago pa makababa ng sasakyan si Webster at makita siya.

“Saan tayo, kamahalan?” tanong ng driver na tiningnan ang dalaga mula sa rearview mirror.

“Just drive. I’ll tell you where to stop.”

“Okay. Ikabit n’yo seatbelt n’yo, prinsesa. Baka tumalsik kayo palabas,” utos nito na ini-start na ang kotse pero hindi pa pinaandar, naghihintay na ikabit

muna niya ang seatbelt.

Nagsalubong ang kilay ni Lacey sa nag-uutos na tono nito. Hindi siya sanay na inuutusan lalo na ng mismong tauhan niya.

“Don’t tell me what to do! Just drive, will you?” singhal niya wishing fervently na sana ay si Mang Kiko na lang ang tinawag niya para ipagmaneho siya. Kung di lang siya malamang na makikita ni Webster kapag bumaba siya ay ginawa na niya.

“Ayokong makalaboso, prinsesa. Baka ipa-lethal injection ako ng papa mo pag tumilapon ka palabas,” anito na sa halip na paandarin ang kotse, sumandal pa sa pinagsalubong na mga braso nito sa likod ng ulo.

Walang nagawa si Lacey kundi sumunod na lang dito. Napilitang kinalimutan muna niya ang tigas ng ulo at iritasyon sa pag-uutos ng hamak na driver na ito.

“Very good!” Pumalakpak pa ito bago pinaandar ang kotse.

Ilang metro na lang ang layo nila sa gate nang malingunan sila nina Webster at ng papa niya na magkasabay na lumabas ng pinto ng mansion. Kumaway si Webster at lumakad palapit sa kanila.

"Pinapahinto tayo ni Kano, kamahalan." Binagalan ng driver ang takbo ng sasakyan.

"No! Don't stop! Paandarin mo, bilis!" frantic na utos niya na para bang halimaw si Webster.

"Okay, sabi mo," anito saka pinaharurot ang sasakyan.

"Imbecile! Gusto mo bang maaksidente tayo? Slow down!" hiyaw niya na sa biglang pagharurot ng kotse ay malakas na napasandal at muntik nang makagat ang sariling dila.

"'Sensya na, tao lang, prinsesa. Sabi n'yo bilis. Ganito, okay na ba?"

Binagalan naman nito ang pagmamaneho pero halatang nananadya lang talaga dahil mas mabilis pa sa kanila ang karo ng patay.

"Nang-iinis ka ba? Ayusin mo'ng pagmamaneho mo!" namumuti na sa galit ang mga matang singhal niya.

Ngumisi pa ito, tila aliw na aliw sa pamimikon sa kanya pero ginawa na nitong normal ang takbo nila.

"'Nga pala, ako si Tristan, kamahalan," kusa nang pagpapakilala nito na inabot pa patalikod ang

kamay habang pasalit-salit ang tingin sa daan at rearview mirror.

"Am I asking? Just concentrate on your driving!" ismid niya.

"Maarte, suplada, masungit, matapobre." He tsked. "Hindi bagay sa mukha mo ang ugali mo. Sayang, crush pa naman kita n'ung una kong makita sa magazine ang mukha mo. Pangit ka pala sa personal. 'Sama ng ugali mo," iiling-iling na sabi nito.

"I really don't care!" sabi na lang ni Lacey. Sa puntong iyon ay nagtama ang mga mata nila nang sabay silang napatingin sa rearview mirror. Mabilis na iniba niya ang direksyon ng mga mata habang nakangisi naman ang lalaki.

Napakunot-noo naman si Lacey nang maalala ang pangalan ng lalaki. Pilit niyang inaalala kung saan niya unang narinig iyon.

"Oh my God! Yasmin's stepbrother!" bulalas niya pagkaalala sa nabanggit ng papa niya tungkol sa anak sa unang asawa ng pinakasalan ni Maita noon.

It was Tristan. Tristan Arcadia.

Napangisi naman ang lalaki nang sa wakas ay nakilala ito ni Lacey. "Wala nang iba." Bahagyang nag-bow pa ito, tuwang-tuwa sa shocked outrage na bumadha sa mukha niya.

"I should've known! You're the farmer!" Ang tono niya pagkabanggit sa trabaho nito ay yaong parang iisa lang sa palagay niya ang ginagawa ng isang magsasaka at isang drug pusher. "Impostor! Ibalik mo ako sa bahay ngayon din! How dare you? Siguro plano n'yo 'to ng mama at sister mo, ano?"

"Ikaw 'tong tangang basta na lang nag-assume na driver nga ako, tapos sina Nanay Maita pa ang sisisihin mo? Iba ka talaga, mahal na prinsesa," naiiling na angil nitong pumormal ang mukha sa panlalait ni Lacey sa madrasta nito at stepsister na itinuturing nitong tunay na pamilya.

"Did you just call me tanga?"

"Hindi lang 'yon, spoiled brat ka rin na kulang sa tamang disiplina at palo. Kasalanan ng nanay at tatay mo, por que nag-iisa kang anak, hinayaan nilang humaba nang husto 'yang sungay mo."

"You have no right to call me tanga! I'm a Nevado-Monteverdi. I could ruin you in a snap of my fingers." Maldita ang ngiting inilapit pa niya sa

balikat nito ang mukha para sa mismong tapat ng tainga nito magsalita.

“Tingnan lang natin kung ano’ng magagawa niyan kapag nasa ilang na pook ka, malayo sa siyudad at walang ibang nakapaligid kundi mga tulad kong *farmer* at kalabaw lang.” Ngumisi ito at ginaya pa ang tila nandidiring pagbigkas niya sa salitang ‘farmer’.

“What? What do you—this is not the way back to my house!” sigaw niya nang mapansing palabas na ng Metro Manila ang tinatahak nilang daan.

“Where do you think you’re going? This is carnapping! You can’t take my car!”

Napahalakhak si Tristan.

“Hindi lang ito carnapping, prinsesa. Kidnapping din ito,” anito na ihininto ang sasakyan sa tabi para lingunin siya.

“What! Lagot ka sa papa ko! I’ll make—what—give me back my cellphone!” tili niya nang dukwangin siya nito at hablutin sa tabi niya ang cellphone at ibulsa.

“Sa akin muna ’to. Mag-relax ka lang diyan at tumahimik dahil kapag ako napundi na sa katatalak

mo, ibubunggo ko 'tong pinakamamamahal mong kotse." Umayos ulit ito ng upo sa harap ng manibela at pinaandar ang sasakyan.

Wala naman siyang balak na manahimik habang kini-kidnap siya kaya buong pusong nagtitili siya at nagwala sa backseat.

# 3

Tiim-bagang na sinikap ni Tristan huwag mawalan ng kontrol sa manibela sa kabila ng walang tigil na pananabunot ni Lacey habang nagtititili mula sa backseat. Panay ang sigaw nitong ihinto niya ang sasakyan at pababain ito. May power lock naman ang mamahaling *BMW* nito kaya tiwalang hindi ito makakalabas na huminto nga siya at muling dinukwang ito.

"No!" sigaw nitong napasiksik sa pinto nang sapilitang tanggalin niya sa pagitan ng pakikipagbuno rito ang suot nitong kulay pink na belt. Bagaman hirap ay nagawa niyang itali ang mga kamay nito gamit iyon. Para makasigurong hindi na siya maabot nito, inilusot at itinali rin niya ulit sa mismong seatbelt nito ang dulo ng pink na belt.

"Yan, mukha ka nang kakatayıng baboy," nakakaloko ang ngising aniya na tinugon nito ng isang malakas na sipa sa likod ng driver's seat dahil iyon lang ang kayang abutin ng mga paa nito.

"You won't live long enough to regret this. I swear. Papa will have your head and if those disgusting b*tches we're smart, they'll crawl back to

the filthy sod they came from dahil sa plano nilang ito! But they—umph!"

Maldito ang kislap ng mga matang sinalubong niya ang nanlilisik nitong tingin as he tied behind her neck a handkerchief na ibinusal niya sa madaldal nitong bibig.

"Para sa isang napakaganda sanang babae, masyadong mabaho 'yang bibig mo. At para sa kaalaman mo, hindi ito plano ni Nanay Maita kundi ng papa mo. Natuklasan kasi niya ang niluluto mong kunwaring pangki-kidnap sa iyo para di matuloy ang kasal nila. Kaya kinausap niya ako na ilayo ka muna hanggang sa makabalik sila galing honeymoon."

Lacey shook her head violently, silently denying that her father could come up with such a scheme. Hindi rin maisip ng dalaga kung paano nalaman ni Tristan at ng kanyang ama ang mga plano niya.

"Ayaw mong maniwala? Siya'ng kausapin mo." Binunot ni Tristan mula sa bulsa ang cellphone ng dalaga at tinawagan ang numero ng private line ng papa niya.

Nagsalita ito at isinaad ang di umano ay tagumpay ng ipinapagawa rito ng *Signore*.

"Oho. Heto kausapin ninyo," anitong inilapit sa

tainga niya ang phone saka ibinaba ang panyong nakatakip sa bibig niya.

"Papa!" bulalas niya nang mabosesan ang ama na tinatanong kung ano ang impression niya sa stepson ni Maita.

"He's a barbaric oaf, Papa! He tied me up like a pig about to be slaughtered! And he's kidnapping me!" high-pitched na sumbong niya, sinamahan pa niya ng pekeng pagsinghot for effect.

"It was my idea that you stay with him for at least two months, *Cara*. I learned about your kidnapping scheme when I overheard you talking to Shannon on the phone. It was very childish, selfish and unfair of you, Lacey," seryoso ang tonong sermon nito na clearly ay hindi convinced sa injured party acting niya.

"Ngayon ako nagsisisi kung bakit hinayaan kong i-spoil ka namin ng iyong mama. Tuloy wala ka nang iniisip kundi ang sarili mong mga kapritso. Ni hindi mo naisip na sa lahat ng ginagawa mong ito para mapaglayo kami ni Maita ay ako rin ang sinasaktan mo. Kaya mas mabuti nang wala ka rito sa araw ng kasal namin. God knows what you'll decide to do then."

"You can't do this to me, Papa!"

"You gave me no choice, Lacey. I'm sorry. But don't worry, Tristan's a good man. And maybe he'll succeed in teaching you how to behave more maturely and give you a few pointers in humility, as well."

"Papa! Papa!" sigaw niya pero pinutol na nito ang linya.

---

"Tristan! Aba'y sino ang babaeng iyan? Nagtanan ka bang bata ka?" gulat na bulalas ni Manang Ingga nang mapagbuksan ng pinto ang binata na buhat-buhat ang walang malay na si Lacey.

"Pakihanda ho iyong dating silid ni Sabrina, Manang. At pakikuha na rin ho ng yelo, medyo malaki ho yata ang bukol ng lukaret na ito." Buong ingat na inilapag niya sa kawayang sofa ang kargang dalaga.

Sa gitna ng pagwawala nito habang pilit binabasag ang eardrums niya sa kasisigaw, nakalag nito ang itinali niyang belt dito at nakakawala ito para sana paghahampasin na naman siya. Pero sa biglang pagpreno niya ay umumpog ang ulo nito sa matigas na likod ng headrest ng driver's seat at

nawalan ng malay.

Naiirita man sa prima donna na attitude nito at nagagalit sa mga sama ng loob na idinulot nito kina Nanay Maita at Yasmin, napabilib din siya sa determinasyon nito. Walang sawa at walang kapaguran. Malamang kung di nga ito nawalan ng malay, mas nahirapan pa siyang madala ito sa teritoryo niya.

Halatang hindi ito sanay na hinahadlangan ng kahit sino maging ng mismong ama. Pero hindi naman kataka-taka iyon dahil she had the advantage of centuries-old wealth and a beauty no sane man could resist. At alam na alam nito kung paano gamitin ang mga taglay nitong armas. Ang tanong na lang ay kung sino sa kanilang dalawa ang mas marunong magpanalo ng sitwasyong ngayon ay kinakaharap nila.

"Ilipat mo na siya sa kuwarto, Tristan. Doon ko na lang rin ilalagay itong yelo sa bukol niya. Ano ba naman kasi ang nangyari? At bakit nandito ka na agad? Di ba't sabi mo, may ipapaasikaso sa iyo si *Signore* Ferrando?" usisa ni Manang Ingga na asawa ng dating tauhan niya sa niyugan na si Manong Lucio, at matalik na kaibigan ni Nanay Maita.

Nang maihiga niya sa kama si Lacey, saka niya

pa lang ipinaliwanag sa matandang babae na ang dalaga nga mismo ang tinutukoy ni *Signore* Ferrando na pinapaasikaso sa kanya.

Pagkatapos magpaliwanag, kinuntsaba rin niya si Manang Ingga sa balak na gawing pagpapanggap. Sa naintindihan kasi niya mula sa mga pagtatalak ni Lacey kanina, inaakala nitong karaniwang magsasaka lang talaga siya na para rito ay karima-rimarim at mababang uri ng trabaho. Kaya naman nabuo sa isip niyang pagbigyan ang maling akala nito. Iyon din ang dahilan kung bakit imbis na sa bagong gawang bahay niya na nakatayo di-kalayuan sa niyugan niya ito dinala, dito sa kubo nina Manang Ingga niya ito patutuluyin pansamantala.

"Tutal ang papa na ho niya ang nagsabing dapat maturuan ng leksyon ang malditang iyan. Para malaman din niyang hindi lang sa kanya umiinog ang mundo," aniya pa kay Manang Ingga na muntik na rin sana niyang naging biyenan kung di lang mas pinili ng anak nitong si Sabrina ang buhay sa siyudad at career nito bilang isang nurse.

Pero magkaibigan naman silang naghiwalay ni Sabrina at bukod kay Nanay Maita, si Manang Ingga ang tumatayong nanay-nanayan niya. Nakatitiyak niyang maaasahan niya itong itago ang sekreto niya

at suportahan ang pagpapanggap niya bagaman bakas sa mukha nito ang pagtutol.

Hindi lang kasi talaga niya matanggap na lait-laitin ng Lacey na ito ang plantasyong mula sa katas ng pagsa-Saudi ng yumaong ama niya. Magkatulong na pinagyabong nilang mag-ama ang noon ay pakwan at melon lang na tanim ng plantasyon nila. Ngayon ay mayroon na ring niyugan at iba't ibang gulay ang *Arc's Farm*. Dinagdagan pa niya iyon ng babuyan at manukan na pangpalengke at panabong.

Kaya naman nais niyang ipamukha sa Italyanang laki sa layaw na ito na kahit hindi siya kasing-yaman at kasing-kilala ng maimpluwensyang pamilya nito, galing sa matino at hindi kahiya-hiya ang ikinabubuhay niya.

"Pero mukhang hindi sanay sa mainit at walang aircon ang batang ito. Tingnan mo't ang kinis-kinis ng kutis, ang puti-puti. Mukhang anghel pa, di naman mukhang salbahe," tila nagdududa pa sa kanyang sabi ni Manang Ingga.

Hindi rin naman niya ito masisisi dahil siya man ay napatulala rin sa mala-anghel na kagandahan ni Lacey nang una niya itong makita sa personal sa restaurant na pinagkainan nila ni Yasmin kahapon. Saglit niyang nalimot ang mga isinumbong ni Yasmin

tungkol dito.

Uutusan pa nga sana niya si Yasmin na kawayan ito para mapansin sila sa mesa nila at nang makapagpakilala siya. Ngunit hindi na niya itinuloy nang mapansing nagtatalo ito at ang kasamang lalaki. Saksi rin siya sa pagbuhos nito ng alak sa lalaki. At sa tila nakaisang ekspresyon sa inosente nitong mukha, noon lang niya naintindihang mas naging biktima sa naganap ang lalaki. Bumalik ang inis niya rito.

"Huwag ho kayong padadala sa panlabas niyang ganda. Masahol pa ho sa tigreng gutom kung umatake iyan, walang pakundangan sa damdamin ng iba," pagwa-warning niya kay Manang Ingga at pati na rin sa sarili bago inilihis ang tingin sa nahihimlay na dalaga.

---

Ginising si Lacey ng malakas na pagyugyog sa balikat niya.

"Later, Yaya. My head throbs, I need more sleep," ungol niya na rorolyo pa sana pakanan pero biglang hinalbot ang kumot at unan sa ulo niya. Nauntog tuloy siya sa manipis na kutson ng kama na lalong nagpasakit sa ulo niya.

*Wait a minute!* Manipis na kutson? Hindi naman manipis ang mattress ng queen-sized bed niya! At mas lalong hindi matigas na parang lumang stuffed toy ang pillows niya!

“Hindi ako ang yaya mo. At paanong di sasakit ang ulo mo, tanghaling tapat na naghihilik ka pa rin diyan. Hindi ka senyorita dito, kamahalan, kaya bumangon ka na diyan!” utos ng pamilyar na baritonong tinig na iyon sa tapat mismo ng tainga niya.

Napabalikwas siya ng bangon at disoriented na nilingon ang nagsalita.

“You! What—where the hell am I? Saan mo ako dinala?” she demanded angrily nang maalala lahat ng nangyari nang nagdaang araw.

“Dito sa bahay ko. Saan pa? Hindi ka naman siguro nagka-amnesia dahil sa pagkakauntog mo, ano? Sige na, bangon na. Tirik na ang araw at magluluto ka pa ng tanghalian,” ani Tristan, the *Terrorist* na pumalakpak pa sa mismong tapat ng mukha niya.

“Will you stop that! My head aches!” asik niya na sinapo ang pumipintig sa sakit na ulo.

“Lalong sasakit ’yan kapag hindi ka pa tumayo

diyan," anito na inilapag sa kandungan niya ang noon lang niya napansing hawak nitong nakatiklop na damit.

"Heto'ng ipampapalit mo. Damit 'yan ni Sabrina, hiramin mo muna."

Dinampot niya ang damit at iiwinagwag, nahulog tuloy ang nakaipit doong bra at panties.

"Duster! You expect me to wear this? At ipapahiram mo pa sa akin ang cheap undies ng babae mo? No way!" nakangiwing kumpol ulit niya sa bulaklaking asul na duster sabay itsa niyon sa binata.

Maagap naman nito iyong sinalo at iniitsa rin pabalik sa kanya. Sadya pa yata nitong nilakasan kaya masakit nang sumapol sa mukha niya.

"Ouch! How dare you!"

"Hindi maganda sa pakiramdam, di ba? At hindi rin magandang tanggihan sa bastos na paraan ang alok ng iba. Pero kung ayaw mong isuot iyan, magtiis kang mamaho diyan sa suot mo. Tandaan mo lang, dalawang buwan ang ititigil mo rito. Kaya kung ako sa iyo, sisimulan ko na ang pakikibagay sa pamumuhay dito," nakaarko ang kilay na saad nito na bagaman malumanay ang tinig, may kalakip

namang authority.

"I'm not staying here, you know. Aalis ako right this moment and when I get back to civilization, ipapahuli kita sa police!" Smug ang expression ng mukha niya at tila hindi affected sa sinabi nito.

"Aalis? Paano? Ni hindi mo nga alam kung nasa Pilipinas ka pa. At sa tingin mo, makakatakas ka sa akin? Kagabi ko pa pinagsabihan ang mga kapitbahay at kasamahan ko sa plantasyon na medyo maluwang ang turnilyo mo kaya di nila dapat paniwalaan ang maaaring sabihin mo," mas smug naman ang ngising anito.

Salubong ang kilay na ikinuyom niya ang mga kamao at palundag na bumaba ng kama. Mabilis siyang tumakbo palabas, expecting him to run after her but he did not, hanggang sa mahanap niya ang front door at nakayapak na bumaba sa tatlong baitang ng gawa sa kawayang hagdan. She looked frantically for her car but she did not see even the shadow of it, instead, malawak na halamanan at mga puno ang nakita niya sa paligid. She could hear the sound of a river pero hindi niya iyon nakikita. And when she looked further napansin niya sa di-kalayuan ang mga nipa huts.

"Ipinabalik ko na sa inyo ang kotse mo, kinuha

ng driver ninyo. Ang tanging sasakyan dito ay ang jeep ko pero siyempre kakailanganin mo nito para magamit mo iyon," ani Tristan na nakasunod pala sa kanya. Iwinagayway ang hawak na susi ng owner-type jeep nito.

"Think you're so smart, huh? But you haven't won yet so don't congratulate yourself this early!" angil niya covering her growing trepidation and frustration with anger.

Nagkibit-balikat lang ito at nagpauna nang bumalik sa loob ng bahay.

"Pumasok ka na, may pandesal at kape pa sa mesa. Kumain ka muna tapos ihanda mo na'ng tanghalian natin." Nilingon siya nito.

"I'm not your maid!" Namaywang siya sa harap nito.

"Alam ko. Pero habang nandito ka, dapat mo ring pagbayaran ang pananatili mo sa bahay ko. Wala ka namang dalang pera, di ba? Kaya gagawa ka dito ng mga iuutos ko sa 'yo."

"You're joking, right?" Taas ang kilay na humalukipkip siya.

"Hindi."

"As if you could force me to do your bidding! I won't slave for anybody especially for one of Maita's cronies!"

"Talaga?"

Muling lumabas si Tristan and in three strides ay nasa harap na ulit ito ni Lacey, who involuntary stepped backwards as if preparing to run. But it was too late dahil yumuko na ang binata at animo sako ng bigas na pinasan siya sa balikat.

"No! Put me down, you Neanderthal! Put me down!" piglas niya na binayo ito sa likod.

Inilapag nga siya nito sa harap ng lababo kung saan nakapatong ang mga gulay at isda.

"Kung ayaw mong mag-almusal, hayan asikasuhin mo na 'yan. Pinakbet at pritong galunggong ang iluluto mo. Ituturo ko sa iyo kung paano. Alam ko namang ni maglaga ng itlog, di mo alam."

"Naturally, since I never had to. We have maids to do everything for us. So you're hallucinating if you think you can turn me into your slave. Ni papa ko nga hindi ako inuutusan, ikaw pa. You must be insane!"

“Hindi mo yata ako naiintindihan. Narito ka sa teritoryo ko at dito ako ang masusunod que gusto mo o hindi ang iniuutos ko,” matigas na ang boses na pahayag nito, wala na ni bahid ng pagkaaliw sa pag-iinarte niya.

“Ano ba! Let—eww! Kadiri! That’s so malansa! Yuck!” pagtitili niya nang sapilitang gagapin nito ang kamay niya at ilagay roon ang isda.

“Yuck-yuck ka diyan, ito rin ang kakainin mo. Huwag kang mag-inarte at baka tumalsik ang isda. Ganito ang paglilinis nito. Ibuka mo’ng ulo tapos—”

Wala nang isdang ibubuka dahil sa pagtatarang niya ay dumulas iyon at na-shoot sa lababo.

# 4

Pasado alas nueve na ng gabi nang hindi na makayanang tiisin ni Lacey ang gutom. Buong ingat na nag-tiptoe siya palabas ng silid na pinapagamit sa kanya. Kanina niya pa narinig na nagsipasok sa kanya-kanyang kuwarto sina Tristan at ang matandang babaeng si Manang Ingga na hindi siya sure kung ano ang relasyon sa binata.

Wala na rin siyang marinig na ibang ingay kaya marahil tulog na ang mga ito, although sa standards niya ay napakaaga pa ng nine o' clock para matapos ang araw. Pagdating sa kusina, inisa-isa niyang tingnan ang mga nakatakip na plato sa mesa umaasang makakakita ng kahit anong pagkain. Para sa tiyan niya na mula pa kagabi ay wala nang laman, kahit siguro anong edible kakainin na niya. Kinulong kasi siya ni Tristan sa kuwarto nang hindi pa siya nananaghalian matapos niyang sayangin ang isa sa mga isdang pinipilit nitong linisin niya.

Hindi pa rin siya makapaniwala sa sitwasyong kinalagyan niya na mismong ama pa niya ang may pakana. May plano na siya para makatakas bukas, pero sa ngayon, kailangan muna niyang lamnan ang

tiyan niya.

"Damn!" gigil niyang mura nang walang makitang pagkain sa ilalim ng mga nakatakip pa man ding plato.

"Ano? Suko ka na? Madali akong kausap," nagulat siya nang marinig ang tinig ni Tristan na ni hindi niya namalayan ang paglapit.

"Where's the food? I'm hungry! Papatayin mo ba ako sa gutom?" galit na singasing niya rito, naiinis pa rin sa ginawa nitong pagkukulong sa kanya sa silid when she stubbornly refused to do what he wanted.

Buti sana kung air conditioned man lang ang silid o kaya ay hindi nito isinara ang mga bintana to prevent her from using it as her escape route. Halos matusta siya sa init sa loob na may lumang electric fan nga pero mahina na rin ang hanging ibinubuga.

"Hindi naman. Pero kung tatanggi ka uling gawin ang mga iniuutos ko sa iyo, baka ganoon nga ang mangyari. Huwag kang mag-alala, mabuti rin iyon para mabawasan ang timbang mo," pang-aasar nito sa kanya.

Nanlaki ang mga mata niya sa implied criticism nito sa katawan niya.

"Are you saying I'm fat?" incredulous na demand niya sabay yuko sa sariling katawan at sapo sa balakang as if mentally measuring her waistline. "I'm not fat! Er, am I? Tingin mo I need to go on a diet?" biglang nag-alangang untag niya.

---

Natatawang sumandal si Tristan sa hamba ng pasukan sa kusina. Kunwari ay sinipat-sipat niya ang perpektong hugis ng katawan ni Lacey na yaong *Levi's* jeans pa rin at pulang halter top mula kagabi ang suot. Sadyang hinayaan niyang half-closed ang mga mata upang matakpan ng pilik niya ang admirasyong tiyak niyang nakabakas doon.

"What! Am I fat?" Katawa-tawa ang worried expression sa mukha nito na para bang ang sagot niya ay katumbas ng buhay at kamatayan para rito.

Tempted tuloy siyang tumango at sabihing 'oo' pero baka biglang pangatawanan na nito ang pagha-hunger strike na panunubok lang naman niya. Hindi niya ini-expect na para lang huwag siyang masunod ay hindi talaga ito kakain.

"Hindi pa naman. Sa totoo lang, mukhang walis tingting ka na sa payat kaya kung ako sa iyo, magiging masunurin at mabait ako sa durasyon ng

pananatili mo rito. Para di ka na maparusahan pa at makakain ka nang tama sa oras."

"Do I look like I'm stupid? Iniisahan mo lang ako, eh!" ismid nito na sa biglang pagkalam ng sikmura ay kinain ng pamumula ang buong mukha.

Ngingisi-ngising pumunta siya sa lababo at inabot mula sa eskaparte sa taas niyon ang itinira niyang kanin at ulam para rito.

"Hayan, kain na."

Tila nagdududa pang may balak siyang lasunin ito na maingat nitong inilapag sa mesa ang mga lalagyan at inalisan ng takip.

"What is this? Sigurado ka, this is food?" nakangiwing usisa nito na masama ang tingin sa ginataang susong isa sa mga specialty ni Manang Ingga.

Naupo siya sa tabi nito at inilapit dito ang bowl, using a spoon, kumuha siya ng isang suso at ipinakita rito.

"Ginataang suso ito, isa sa mga the best na luto ni Manang Ingga. Tikman mo."

Mariing pinaglapat naman nito ang mga labi at umiling-iling, anyong diring-diri nang hawakan

niya ang suso at higupin ang laman niyon.

"Hmm… sarap! Ito ang tunay na pagkain, hindi iyong mga ino-order ninyong mayayaman sa mga restaurants na mukha lang masarap at pang-langgam lang ang dami pero ang mamahal!" Sadyang pinatunog pa niya ang mga labi habang ninanamnam ang isinubo.

Napatakip naman ito sa bibig at bahagyang namutla.

"I think I just lost my appetite." Akmang tatayo ito pero maagap niyang itong pinigilan.

"Baka tuluyang ka nang magkasakit pag di ka pa rin kumain," kunot-noong sabi niya.

"Good. Then maybe Papa will forget this foolish scheme and let me come home!" asik nito na pilit nagkukumawala sa mahigpit na hawak niya.

"Wala sa usapan namin ng papa mo ang patayin kita sa gutom. Huwag ka nang mag-inarte, masarap naman ito," aniya na nilagyan ng kanin at sabaw na gata ang kutsara, inilapit sa bibig nitong nakatikom pero sa pagpisil niya sa ilong nito ay awtomatikong bumuka.

"Urmph!" Napilitang nginuya ni Lacey ang

isinubo sa kanya ng talipandas na lalaki. Hinintay lang niyang malunok ang lahat ng pagkain bago ibinukang muli ang bibig para paliguan ito ng mga murang tiyak niyang hindi pa nito naririnig kailanman.

But her plan backfired nang samantalahin nito iyon at muling subuan siya. Ito na rin mismo ang nagsara sa bibig niya at mahigpit na pigil-pigil iyon para hindi niya mailuwa ang pagkain.

"Mabait na bata. Naubos mo'ng lahat ng nasa plato," mayamaya ay nakangising puri nito as he finally let go of her hands and mouth nang maubos ang pagkain. "Nandoon ang water jug, kumuha ka ng inumin. Hugasan mo muna itong plato mo tapos bumalik ka na sa kuwarto pero huwag ka munang matutulog hanggat hindi bumababa ang kinain mo." Nauna nang tumayo at lumakad palabas ng kusina.

Tila hindi napapansin o sadya talagang hindi pinapansin ang nagbabantang pagsabog ng legendary temper niyang namana niya sa angkan ng ina. Nasa tapat na ito ng pintuan nang tumama sa hamba ilang inches lang ang layo sa ulo nito ang kutsarang buong lakas niyang ihinagis rito.

"You schmuck! You dirty, low-down bastard! You've no right to treat me like that! I'm not a child

to be spoon-fed especially with that grubby food!" nanginginig sa galit na sigaw niya, picking up the empty plate and aiming it sa binatang salubong ang kilay at kuyom ang mga kamaong palapit sa kanya.

Kahit nakadama ng bahagyang takot sa menacing countenance nito, she refused to be cowed pero hindi na rin niya naibato pa rito ang hawak na plato dahil mabilis nitong hinagip ang kamay niya at inagaw ang plato.

"Alam mo kahapon ka pa. Pinagbigyan kita pero talagang inuubos mo ang pasensya ko!" tiim-bagang na singhal nito at saka muling umupo sa silya.

"What do you think—no! Let me go!" Using both hands ay pinagpapalo niya ito nang mahulaan ang balak nitong gawin.

"Ang dapat sa mga tulad mong salbahe pinatitikim ng palo para magtanda!"

Her strength was no match to Tristan's superior one kaya natagpuan na lang niya ang sariling nakadapa sa kandungan nito.

"Tristan! Aba'y ano'ng ginagawa mo?" gulat na bulalas ni Manang Ingga na nagising at napalabas ng silid dahil sa ingay nila.

"Tuturuan ko lang ho ng leksyon ang babaeng ito," kasabay ng pagsabi niyon ay ang paglagpak ng malaking palad ng binata sa pang-upo ng nagpupumiglas na dalaga.

Lacey screamed nang maramdaman ang palo ni Tristan kahit na hindi naman iyon malakas para magdulot ng nakakapasang sakit. It was done in three successions and caused no more than the uneasiness felt in sitting down all day sa matigas na silya.

Higit ang pagkabigla at di-pagkapaniwala niya dahil never in her twenty-two years na naparusahan at napalo siya. She was an only child, the reason why her parents, particularly her mother, indulged all her capriciousness and turned a blind eye on all her faults.

Tila inukit sa bato ang mukha ni Tristan nang pakawalan ang humihingal sa pinipigil na iyak na dalaga.

"Walang bisa ang pagiging spoiled brat mo dito, Lacey. Kung ayaw mong maulit iyon, sumunod ka sa akin at umakto nang tama. Ayoko sa lahat ng pinagtatangkaan akong saktan dahil ayoko ding nananakit. Subukan mo ulit akong batuhin tulad kanina at tinitiyak kong mauulit ang pagpalo ko sa

iyo," malumanay ang tinig na sabi niya.

"Sige na, bumalik ka na sa kwarto mo." For a moment, a flash of regret passed through his eyes at seeing the tears Lacey refused to shed.

Taas-noong tumalikod ito at pumasok nga sa tinutulugang silid. Kung napahiya man ito at nanliit lalo na at hindi lang siya ang saksi sa ginawa niya rito dahil sa presensya ni Manang Ingga, hindi nito ipinahalata.

"Tristan?" untag ni Manang Ingga na noon lang siya nakitang umakto ng ganoon sa babae.

"Alam ko ho ang ginagawa ko."

---

Alas cinco pa lang ng umaga ay gumising na si Tristan. Matapos iligpit ang hinigaan sa kuwarto dati ng yumaong bunsong anak ni Manang Ingga ay dumerecho na siya sa harapang pinto. Tutal nahihimbing pa ang preso niya, dadaan muna siya sa bahay niya para kumuha ng dagdag na gamit at saka sasaglit sa plantasyon.

Palabas na sana siya ng bakuran nang makarinig ng kaluskos sa gilid ng bahay. Buong ingat siyang lumakad pabalik at kumubli. Halos natitiyak na niya

kung ano o mas tamang sabihing sino ang may likha niyon.

“Aw, sh*t!” paanas na mura ni Lacey habang pilit i-stretch ang mga paa upang maabot ang lupa mula sa pagkakasabit niya sa bintana ng silid niya. Matagumpay niyang naalis ang ikinabit doon ni Tristan na pangharang. Ang kaso, mula sa loob lang pala parang mababa ang babagsakan niya pero medyo malalim din pala ang naukab na lupa sa ilalim ng bahay-kubong nakatayo sa apat na poste.

“May lakad ka?”

“Ay!” Sa gulat ay napabitiw siya sa kinakapitang pasimano ng bintana.

Maagap naman siyang nasalo ni Tristan.

“Why aren’t you still sleeping?” gigil na usisa niya rito na para bang kasalanan pa ng binata na bigo ang escape attempt niya. “At ibaba mo nga ako! Tsansingero!”

Tumalima naman ito pero tila nananadyang hinayaan pa nitong dumulas sa matigas na katawan nito ang katawan niya bago siya binitawan.

“Maaga talaga kaming gumising dito, kamahalan. Marami kasi kaming kailangang gawin.

Ibang-iba sa mga tulad ninyong mayayaman na tirik na ang araw, nakahilata't pautos-utos lang."

"Hmp!" ismid niya, trying to act unconcerned and unaffected sa naging pagdidikit ng mga katawan nila nito.

Banat sa trabaho ang katawan ni Tristan kaya matipuno, unlike most of her ex-boyfriends na sa gym nakuha ang magagandang katawan. She was a normal red-blooded woman, natural na mapahanga siya sa kamachohan nito.

Ang hindi normal at natural ay ang kuryenteng dumaloy sa ugat niya nang malapit sa well-muscled and hard body nitong ni hindi pa nga niya nakikitang hubad ay ganoon na katindi ang effect sa kanya. Not that she had any desire to see him naked!

Marahil epekto lang iyon ng ilang beses nang pagkakataong natatagpuan niya ang sariling nasa bisig nito o tulad kagabi ay nasa kandungan siya nito.

Ni hindi pa nga niya alam kung ano talaga ang hitsura nito behind that thick beard. For all she knew, he greatly resembled Saddam Hussein himself. Kaya imposibleng attracted siya sa common farm laborer na ito.

"Ipapaalala ko lang, prinsesa, hindi ka makakaalis dito basta-basta. Bago ka makalabas sa hangganan ng plantasyon, maaaring nadisgrasya ka na sa mga delikadong parte dito o di kaya nama'y naligaw. Palalalain mo lang ang sitwasyon mo. Enjoy-in mo na lang ang pananatili dito."

"In your dreams! I won't be staying here for two grueling months and when I do get out of here, pagbabayaran mo ang lahat ng ito!"

"Kung magsalita ka'y parang aping-api ka, ako nga itong napeperwisyo mo. Imbis na mag-alaga sa isang isip-batang sosyalerang walang alam sa buhay, dapat nagtatrabaho ako. Pero dahil sa mga kalokohan mo kina Nanay Maita, napilitan pa 'kong mag-yayo sa iyo kaya sarili mo ang sisihin mo!"

"As if this could change my mind about your evil stepmother! If anything, this only makes me hate her more because no doubt this is really her plan and she just talked Papa into it!"

"Mabait at pasensyosa si Nanay Maita. Ikaw lang itong may topak kaya pilit mo siyang pinasasama. Kung tutuusin, sila dapat ng papa mo ang nagkatuluyan pero dahil sa mama mo, nagkahiwalay sila!"

"Oh, please! Not that stupid argument again! I've already heard it from your sister a hundred times and I still don't believe it 'till now!"

"Ikaw ang kapatid ni Yasmin, hindi ako. At sa tingin ko, isa iyong sumpa para sa kanya."

"Hah! She's not my sister! She's a hypocrite and a gold-digging b*tch!" mataray na deklara niya.

Nagsalubong ang mga kilay ni Tristan sa tinitimping pagbugso ng galit dahil sa sinabi ng half-Italian na dalaga. Halos sabay silang lumaki ni Yasmin dahil four years old lang siya nang pakasalan ng ama niya si Nanay Maita at isang taong gulang pa lang ito noon. Tunay na kapatid ang tingin niya rito pero kung sino pa ang talagang kapatid nito sa dugo, siya pa mismong nanlalait sa pagkatao nito. Hindi niya matatanggap iyon.

"Kung naging lalaki ka lang, nasapak na kita," he told Lacey in a controlled voice filled with icy anger bago ito tinalikuran.

He was halfway out of Manang Ingga's yard when he changed his mind at nilingon ito. He ordered her to follow him. And when she balked at obeying him, his eyes flashed a warning fire ng pag-uulit sa nangyari kagabi.

Lacey lingered long enough for him to take a menacing step towards her. At sa nakikitang galit sa mga mata ng binata, nakumbinsi siyang kahit dito mismo sa labas in full view ng ibang tao ay hindi ito mangingiming paluin siyang muli na parang bata. Dali-dali niyang sinunod ang gusto nito.

“Saan ba tayo pupunta?” tanong niya habang naglalakad sila palayo sa bahay.

“Sa taniman. Para malaman mo ang hirap ng isang magsasaka para lang may makain kang sariwang prutas at gulay sa mesa,” pormal pa ring tugon nito, not bothering to adjust his long, powerful strides to match her small, dainty ones kaya napipilitan siyang lumakad-takbo para makaagapay rito.

“Ano! Pero—” Naudlot ang sasabihin sana niya nang tapunan siya nito ng nagbabagang sulyap. “Hindi ba, it’s too dark pa para mag-work ka sa rice fields?” may bahid ng pag-aalinlangang usisa niya.

“Hindi. At hindi rin naman tayo sa palayan pupunta. Sa taniman ng gulay ang tungo natin.”

“Ah,” kunwa ay tango niya pero ngali-ngali nang suminghal at sabihing wala siyang balak pumunta sa kahit anong taniman. Tumahimik na lang siya pero

maya-maya ay naalala niya ang importanteng bagay na dapat niyang sabihin dito.

"Er, could you—I mean, do you think you could give me a change of clothes? Ang dumi-dumi ko na kasi, eh," aniya. She did not think she could stand a whole day without changing clothes at least four times but she proved herself wrong. Dahil sa katigasan ng ulo niya, nakaya niyang tumagal ng mahigit forty-eight hours na walang palit ang suot niyang damit at walang ligo-ligo.

Kunsabagay, she was a kidnap victim right now. But that would not be for long dahil gagawin niya ang lahat makaalis lang doon.

"Oh, but please not a duster. I don't wear those. And could you buy me or better yet lend me some money and I'll buy myself some of my necessities." Ginamit niya ang tonong nakikiusap upang hindi na umalma pa ang galit ng lalaki.